Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
Bayan ng Santa Cruz

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA, NA IDINAOS SA BATASANG BAYAN NUONG IKA-20 NG ENERO, 1997, ARAW NG LUNES, SA GANAP NA IKA-9:00 NG UMAGA.

DUMALO:

| | |
|---|---|
| KGG. NARCISO O. INFANTE............ | PANG. PUNONG BAYAN<br>Tagapangulo |
| Kgg. Heidi S. Ciriaco.............. | Kagawad |
| Kgg. Ariel T. Magcalas............. | Kagawad |
| Kgg. Jaime Alexander T. Calupitan.. | Kagawad |
| Kgg. Louie C. de Leon.............. | Kagawad |
| Kgg. Ricardo B. Ramirez............ | Kagawad |
| Kgg. Celestino D. Pamatmat......... | Kagawad |
| Kgg. Bernardo E. Ison.............. | Kagawad |
| Kgg. Miguel M. Asinas.............. | Kagawad |
| Kgg. Angelito U. Limjuco........... | Kagawad |

DI-DUMALO:

| | |
|---|---|
| Kgg. Jeffrey A. Villaseñor......... | Kagawad |

KAPASIYAHAN BLG. 007-T'97

KAPASIYAHANG HUMIHILING SA KGG. PUNONG LALAWIGAN JOSE D. LINA, JR. NG HALAGANG LIMANDAANG LIBONG PISO (P500,000.00) UPANG MAGSILBING KARAGDAGANG PONDO PARA SA PROGRAMANG PUHUNAN SA KAUNLARAN NG BAYANG ITO NG SANTA CRUZ, LAGUNA.

**SAPAGKA'T**, patuloy na binibigyang pansin at pagpapahalaga ng pamahalaang bayan ng Santa Cruz, Laguna ang pagsasagawa ng Programang Puhunan sa Kaunlaran upang agapayan ang mga maliliit na negosyante at mga kasapi ng kooperatiba sa pagpapahiram ng puhunan para sa pagtatayo ng mga proyektong pangkabuhayan;

**SAPAGKA'T**, sa dumaraming bilang ng mga negosyante at kooperatiba ay nangangailangan ng karagdagang pondo at suportang pang-pinansyal upang matugunan ang kanilang layunin tungo sa pag-aangat ng antas ng kabuhayan sa bayang ito.

**KUNG KAYA'T, DAHIL DITO**, sa mungkahi ng Kgg. Kag. Louie C. de Leon, na pinangalawahan ng mga Kgg. Kag. Bernardo E. Ison at Heidi S. Ciriaco at sa buong pagkakaisa at pagsang-ayon ng lahat na ngayo'y kaharap, ay

**PINAGPASIYAHAN:** Na mapitagang humihiling sa Kgg. Punong Lalawigan, Jose D. Lina, Jr. ng halagang Limandaang Libong Piso (P500,000.00) upang magsilbing karagdagang pondo para sa Programang Puhunan sa Kaunlaran ng bayang ito ng Santa Cruz.

**INIUUTOS:** Na padalihan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kgg. Punong Lalawigan, Jose D. Lina, Jr., Kgg. Sangguniang Panlalawigan, Kgg. Punong Bayan, Pambayang Pinuno sa Kooperatiba, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

**PINAGTITIBAY.**

**PINATUTUNAYAN** kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

JEANETTE P. SANDICHO
Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATUTOO: NARCISO O. INFANTE
Pang. Punong Bayan
Tagapangulo

PINAGTIBAY:
DOMINGO B. PANGANIBAN
Punong Bayan